Department of Education
Division of Marinduque
RECORDS SECTION
RELEASED
0023561
Name:
Signature:
Date: AUG 18 2023

Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon**
**Rehiyon MIMAROPA**
**SANGAY NG MARINDUQUE**

**Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan**

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**

PARA SA : Punong Tagamasid, SGOD
Pinunong Pinagkakatiwalaan, CID
Tagamasid Pampurok ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

MULA KAY: **LYNN G. MENDOZA, EdD**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA: **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023**

PETSA: Agosto 17, 2023

1. Lakip ng Memorandum na ito ang Memorandum CLMD-2023-120 buhat sa Tanggapan ni Nicolas T. Capulong, PhD, CESO III, Direktor ng DepEd MIMAROPA at Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023 hinggil sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023.

2. Kaugnay nito, hinihikayat ang lahat ng kawani ng SDO Marinduque , lahat ng mga pampubliko at pribadong paaralan na makiisa sa alinman sa mga gawain sa pagdaraos ng Buwan ng Wika na may temang "Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan" sa Agosto 29 - 31, 2023:
   a. Pagsusuot ng kasuotang sumisimbolo sa ating mga Katutubong Pilipino o Filipino attire sa sabayang pagtataas ng Watawat ng Pilipinas (Flag Ceremony) sa buong sangay sa Agosto 29, 2023; at
   b. Pagdaraos ng mga pampaaralang paligsahan sa pagsulat at paggawa ng maikling komentaryo /blog/vlog , at iba na nasasaad sa memorandum mula Agosto 30 hanggang Agosto 31, 2023.

3. Sa pagsasagawa ng mga gawain kaugnay ng pagdiriwang, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepED Order No. 9 , s. 2005 gaya ng nabanggit sa ika-6 na talata ng Pansangay na Memorandum.

4. Inaasahan ang dagliang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

*"DepED Marinduque: Heart of the Philippines.
Lead to Excel. Excel to Lead."*

Malusak, Boac, Marinduque
Email: deped_marinduque@yahoo.com • Tel. No.: (042) 332-1009 • Fax No.: (042) 332-1611

